

13 Setyembre, 2026

**Ika Dalawampung-Apat na Linggo sa Karaniwang
Panahon (Taon A)**

Sirac 27:30–28:7; Romano 14:7–9; Mateo 18:21–35

*“Kung paano tayo pinapatawad ng Diyos, gayundin
dapat nating patawarin ang isa’t isa.”*

PANIMULA

Minsan, pinapasan ng isang guro sa kanyang mga mag-aaral ang isang bag ng patatas para sa bawat taong ayaw nilang patawarin. Pagkalipas ng ilang araw, nagsimulang mabulok ang mga patatas. Naging dimatiis ang amoy, at nagreklamo ang mga bata. Marahang sinabi ng guro: “Ganito ang ginagawa ng hindi pagpapatawad sa puso.”

Sa Ebanghelyo ngayon, tinanong ni Pedro si Hesus kung ilang beses niya dapat patawarin ang kanyang kapatid. Hindi sumagot si Hesus ng bilang, kundi ng isang paraan ng pamumuhay: “pitumpu't pitong beses.” Walang hanggan ang awa ng Diyos sa atin, at

inaanyayahan tayo ni Hesus na hayaang dumaloy ang awa na iyon sa iba sa pamamagitan natin.

Ang trahedya ay madalas nating dinadala ang lumang sugat sa loob ng maraming taon. Ibinibilanggo natin ang ating sarili sa hinanakit, kayabangan, at pait ng damdamin. Subalit ipinapaalala sa atin ng Ebanghelyo na ang pagpapatawad ay hindi kahinaan; ito ay kalayaan. Hindi lamang ipinagpapaliban ng Diyos ang ating utang — kinakansela Niya ito sa pamamagitan ni Kristo.

Habang tayo ay nagtitipon sa harap ng dambanang ito, hilingin natin sa Panginoon na palayain ang ating mga puso mula sa galit, hinanakit, at katigasan ng loob, at ihanda tayo ngayon upang ipagdiwang ang banal na mga misteryong ito nang may taos-pusong pagsisisi.

HOMILIYA

Minsan, sumulat ang isang batang lalaki ng liham sa kanyang lola matapos ang isang pagtatalo ng pamilya. Isinulat niya: “Lola, alam kong galit kayo ni Papa sa isa’t

isa. Pero malapit na ang Pasko. Huwag n'yo akong piliting pumili kung saang bahay ako pupunta.”

Binasa ng lola ang liham at napaiyak. Napagtanto niya na dalawang matatanda ang nagpahintulot sa kayabangan at hinanakit na maging mas mahalaga kaysa sa pagmamahal. Ang munting bata na iyon ang naging tulay na muling nagbuklod sa pamilya.

Iyan mismo ang uri ng mundong kinakausap ni Hesus sa Ebanghelyo ngayon — isang mundong sugatan ng galit, sakit, kayabangan, hinanakit, at sirang relasyon.

Lumapit si Pedro kay Hesus na may tanong na sa palagay niya ay mapagbigay na: “Panginoon, kung magkasala sa akin ang aking kapatid, ilang beses ko siya dapat patawarin? Hanggang pitong beses ba?” Sa tradisyong Hudyo, ang pito ay ang perpektong bilang. Inuunat na ni Pedro ang kanyang sarili.

Ngunit winasak ni Hesus ang bawat hangganan: “Hindi pitong beses, kundi pitumpu't pitong beses.” Sa madaling salita: ang pagpapatawad ay hindi matematika. Hindi ito pagtatala ng mga utang. Hindi ito

kalkulasyon. Ang pagpapatawad ay isang paraan ng pamumuhay.

At dahil alam ni Jesus kung gaano kahirap ang aral na iyon, may ikinuwento siyang isang parabula.

Ang Utang na Hindi Kayang Bayaran

Ang Ebanghelyo ay nagsasalita tungkol sa isang aliping may utang sa kanyang panginoon na sampung libong talento — isang di-maisip na halaga ng salapi. Sa panahon natin, ito ay katumbas ng milyun-milyong dolyar, isang imposibleng utang.

Lumuhod ang alipin at nagmakaawa: “Bigyan mo ako ng panahon, at babayaran kita.” Ngunit alam ng lahat ng nakikinig kay Hesus na walang halaga ng panahon ang makababayad sa ganitong utang.

At pagkatapos, dumating ang nakakagulat na sandali sa parabula.

Hindi lamang ipinagpaliban ng panginoon ang bayad. Ganap niyang kinansela ang utang.

Nadaig ng awa ang katarungan.

Ganyan ang pakikitungo ng Diyos sa atin.

Madalas nating iniisip ang Diyos bilang isang tagatala ng talaan ng ating mga pagkukulang. Ngunit ihinayag ni Hesus ang isang Diyos na ang awa ay lampas sa anumang pagkalkula. Hindi lamang tayo pinagtitiisan ng Diyos; binibigyan Niya tayo ng bagong simula.

Ganitong ganda ang pagkakalarawan ng isang homiliyang Aleman: “Hindi ka ibinilanggo. Hindi ka hinatulan. Hindi ka man lang pinagsabihan. Sa halip — ganap na pagpapawalang-bisa ng utang.”

Iyan ang puso ng Kristiyanismo.

At kapag tiningnan natin ang buhay ni Hesus, nakikita natin ang awang ito sa lahat ng dako.

Ang babaeng nahuli sa pangangalunya ay karapat-dapat maparusahan ayon sa batas. Handa na ang mga tao na batuhin siya. Ngunit sinabi ni Hesus: “Hindi rin kita hinahatulan. Humayo ka, at huwag ka nang magkasala pa.”

May isang makasalanang babae na humagulgol sa paanan ni Jesus habang tinuturo naman siya ng iba. Sinabi ni Simon na Pariseo sa sarili, “Kung alam lamang ng taong ito kung anong uri ng babae siya...” Ngunit hindi lamang ang kasalanan ng babae ang nakita ni Hesus; nakita Niya ang sugatang puso at pagmamahal nito. Ibinalik Niya hindi lamang ang kaluluwa nito kundi maging ang dignidad nito.

Malakas na ipinagyabang ni Pedro na hindi niya kailanman ipagkakaila si Hesus. Ngunit pagkalipas ng ilang oras, tatlong beses siyang sumumpa: “Hindi ko kilala ang tao.” At pagkatapos, tiningnan siya ni Hesus — hindi sa poot, kundi sa pagmamahal. Sa sandaling iyon, naranasan ni Pedro ang gayon kalalim na pagpapatawad na lumabas siya at humagulgol.

Maging si Pablo, na umusig sa Simbahan, sa kalaunan ay may pagtataka na nagsabi: “Tinawag Niya ako, ang pinakahamak.” Ginugol niya ang natitira sa kanyang buhay sa pangangaral ng awang natanggap niya mismo.

Mga kapatid, tayong lahat ay nangangailangan ng awang iyan.

Minsan, binabalewala natin ang kasalanan sa kasalukuyan. Iniisip nating parang wala man lang pagkakasala. Ngunit sa kaibuturan, alam nating binibigo natin ang isa't isa, sinasaktan natin ang isa't isa, at binibigo natin ang Diyos.

Ngunit tinitiyak sa atin ng Ebanghelyo: walang kasalanang higit sa awa ng Diyos.

Hindi Madali ang Pagpapatawad

Ngunit ngayon, dumarating ang mas mahirap na bahagi.

Iba ang tumanggap ng pagpapatawad mula sa Diyos. Iba naman ang magbigay ng pagpapatawad sa iba.

Hindi madali ang pagpapatawad.

May nagsabi minsan, “Magandang ideya ang pagpapatawad hanggang sa magkaroon ka ng taong dapat patawarin.”

Totoo iyan.

May mga sugat na napakalalim. May mga taong pinapasan ang pagtataksil, pang-aabuso, pagtangga, kahihyan, o sirang tiwala sa loob ng maraming taon. Minsan, hindi man lang humihingi ng tawad ang ibang tao. Minsan, wala silang ipinapakitang pagsisisi.

Ang Aklat ni Sirac ngayon ay nagsasalita tungkol sa galit, hinanakit, paghihiganti, at mahigpit na pagtatala ng mga kasalanan ng ibang tao. Napakatao ng mga damdaming iyon.

Maging si Hesus mismo ay nakadama ng galit — galit sa kawalang-katarungan, galit noong ginawang palengke ang Templo, galit kapag inaapi ang mahihina.

Ngunit may pagkakaiba sa pagitan ng galit na lumilipas at hinanakit na pinaglalaanan ng pagmamahal.

Ang panganib ay hindi ang pagkagalit. Ang panganib ay kapag sinisimulan nating alagaan ang ating galit, pakainin ito, protektahan ito, at gawing bahagi ng ating pagkatao.

At kapag nangyari iyon, nagiging lason ang galit.

May makabagong halimbawa nito na kilala nating lahat: ang matinding galit sa daan.

Minsan, isang napakaliit na insidente sa daan ang biglang nagpapalabas ng napakalaking galit. Isang tao ang sumingit sa unahan ng isang sasakyan, at sa loob ng ilang segundo, sumisigaw na, nanunumpa, at nagiging marahas pa. Mas malaki ang reaksiyon kaysa sa naganap na pagkakamali.

Bakit?

Dahil madalas, hindi sa daan nagsimula ang galit. Ang daan lamang ang naglantad kung ano ang kumukulo na sa loob.

Kaya naman winawasak ng hindi pagpapatawad hindi lamang ang ibang tao; winawasak din nito tayo.

Ang mga Berdugo ng Puso

Malakas na sinasabi ng mangangaral na Aleman ang tungkol sa “mga berdugo” na binanggit sa Ebanghelyo ngayon.

Sinabi ni Hesus na ang aliping ayaw magpatawad ay ibinigay sa mga berdugo.

Ano ang mga berdugong ito?

Sabi ng mangangaral: totoo sila.

Sila ang kapaitan, ang panloob na lason, ang kawalan ng kagalakan, at ang bilanguang nililikha natin para sa ating sarili kapag tumatanggi tayong magpatawad.

Ikinuwento niya ang tungkol sa isang pamilya ng magsasaka sa Alemanya.

Dalawang magkarating na sakahan ang naglaban-laban sa loob ng maraming henerasyon dahil sa isang lumang alitan sa lupa. Wala nang nakakaalala pa kung ano talaga ang nangyari. Gayunpaman, tumigil sa pag-uusap ang dalawang pamilya.

Isang araw, nagkaroon ng kasal sa katabing sakahan. Personal na lumapit ang nobya at inanyayahan ang kabilang pamilya, na sinasabi: “Tapusin na natin ang alitang ito at magdiwang tayong magkasama.”

Ngunit tumanggi ang kayabangan.

Kaya't habang nagdiriwang ang katabing sakahan sa musika, sayawan, at tawanan, ang kabilang pamilya ay nakaupo sa kanilang bahay na nakikinig na lamang sa tunog ng kasiyahan mula sa malayo.

Sabi ng mangangaral: “Ang kagalakan ng iba ang naging aming berdugo.”

Iyan ang ginagawa ng hinanakit.

Ibinibilanggo nito tayo.

Marami ngayon ang namumuhay nang ganoon.

Isang mag-asawa ang tumigil sa pag-uusap dahil ayaw ng dalawa na sabihin, “Patawad.”

Lumalayo ang mga anak sa magulang.

Tumitigil sa pag-uusap ang magkakaibigan dahil sa hindi pagkakaunawaan.

May mga umaalis sa Simbahan dahil taon na ang nakalipas ay may pari nagdulot ng sakit o pagkadismaya sa kanila.

Minsan, ang mga pari mismo ay nagiging mapait sa kanilang mga komunidad.

Sa likod ng maraming sirang relasyon ay isang trahedya: ang kawalan ng kakayahang magpatawad.

At dahil mahirap ang pagpapatawad, dapat din nating tandaan ang isang mahalagang bagay mula sa mga pagninilay ngayon: madalas na tumatagal ang pagpapatawad.

Karaniwan nang mabagal ang paggaling.

Kapag lubhang nasugatan ang mga relasyon, bihirang mangyari agad-agad ang pagkakasundo. Kung mas malalim ang sugat, mas mahaba ang paglalakbay patungo sa pagbabalik-loob.

Halimbawa nito ang proseso ng kapayapaan sa Hilagang Irlanda. Hindi maaaring gumaling agad ang dekada ng sakit at hindi pagtitiwala.

Totoo rin ito sa mga pamilya at komunidad.

Minsan, ang pinakamahalagang regalong maibibigay natin sa iba ay ang panahon.

Sa parabula ngayon, pareho ang dalawang alipin na humihingi: “Bigyan mo ako ng panahon.”

Gaano kadalas tayong tahimik na hinihiling ng iba ang parehong bagay?

“Bigyan mo ako ng panahon para magbago.”

“Bigyan mo ako ng panahon para gumaling.”

“Bigyan mo ako ng panahon para maunawaan ang aking nagawa.”

At marahil, minsan kailangan din nating dasalin ang mga salitang iyon sa harap ng Diyos at sa isa't isa.

Isang Aral ng Bata

Ikinuwento rin ng mangangaral na Aleman ang isang simpleng kuwento noong bata pa siya.

Noong bata siya, talagang masamang matalo siya sa mga laro. Isang araw, habang naglalaro ng isang larong tabla, sobra siyang nagalit kaya itinaon niya ang lahat ng piraso mula sa mesa at sinira ang laro.

Pinaakyat siya ng kanyang ama sa kanyang kuwato.

Habang nakaupo siya doon na puno ng galit, naririnig niya ang iba sa ibaba na nagtatawanan at nagpapatuloy sa laro.

Sinabi niya kalaunan: “Hindi ako galit sa kanila. Galit ako sa aking sarili. Kailangan ko lang bumaba at sabihin, ‘Patawad.’ Ngunit hindi ko kayang gawin.”

Muli, ang mga berdugo.

Ilang tao ba ngayon ang namumuhay na nakabitag sa kayabangan dahil hindi nila kayang sabihin ang mga simpleng salitang: “Patawad.”

At ilang relasyon ba ang maaaring magsimulang muli kung may magsasabi lamang: “Pinapatawad kita.”

Kung Paano Tayo Pinapakitunguhan ng Diyos

Sa puso ng Ebanghelyo ngayon ay isang malalim na katotohanan.

Hindi tayo pinakikitunguhan ng Diyos batay sa mahigpit na katarungan.

Kung pakikitunguhan lamang tayo ng Diyos ayon sa katarungan, sino sa atin ang makatatayo?

Sa halip, ipinapakita sa atin ng Diyos ang awa.

Sabi ni San Pablo: “Habang tayo'y makasalanan pa, namatay si Kristo para sa atin.”

Hindi hinihintay ng Diyos na maging perpekto tayo.

Pinasan ni Kristo ang ating utang.

Iyan ang dahilan kung bakit sa bawat Misa, itinuturo tayo muli kay Jesus sa pamamagitan ng mga salitang: “Narito ang Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan.”

Iyan ang sentro ng ating pananampalataya.

At kung ganoon ang pakikitungo ng Diyos sa atin, sinasabi ni Jesus na dapat din nating gayahin iyon sa isa't isa.

Hindi: “Kung ano ang ginawa mo sa akin, gagawin ko rin sa iyo.”

Kundi: “Kung ano ang ginawa ng Diyos sa akin, gagawin ko rin sa iyo.”

KONKLUSYON

Tapusin ko ang isa pang kuwento.

Noong Digmaang Sibil ng Espanya, isang binatang nagngangalang Paco ang tumakas sa kanilang bahay matapos ang matinding away sa kanyang ama. Lumipas ang mga buwan, at hinanap siya ng kanyang ama sa lahat ng dako ngunit hindi niya siya matagpuan.

Sa wakas, sa kawalang-pag-asa, naglagay ang ama ng patalastas sa isang pahayagan sa Madrid. Ganito ang nakasulat:

“Paco, pinapatawad ka na. Magkita tayo sa harap ng opisina ng pahayagan bukas ng tanghali. — Papa.”

Kinabukasan, mahigit walong daang binatang nagngangalang Paco ang dumating.

Bakit?

Dahil sa kaibuturan ng bawat puso ng tao ay may kagutuman para sa pagpapatawad.

At sa kaibuturan ng bawat puso ng tao ay may hangaring makapagpatawad din.

Ngayon, ipinaaalala sa atin ni Jesus na ang
pagpapatawad ay hindi kahinaan.

Ang pagpapatawad ay kalayaan.

Pinapalaya nito ang makasalanan.

Pinapalaya nito ang nasugatan.

Pinapalaya nito ang puso.

Kaya't hilingin natin ngayon ang biyayang huwag
mamuhay ayon sa batas ng hinanakit, kundi ayon sa
awa ng Diyos.

At nawa'y ang ating buhay ay magpahayag hindi ng:
“Kung ano ang ginawa mo sa akin, ganoon din ang
gagawin ko sa iyo,” kundi:

“Kung paano ako pinatawad ng Diyos, gayundin kita
pinapatawad.”

Amen.

Translated by William Valdez, Jr., Perth/Australia